

Kyo.Prot.N. 78/2020

Para sa mga Katoliko ng Diyosises ng Kyoto

ANG PAG-AKYAT SA LANGIT KAY MARIA 2020 **ANG MENSAHE MULA SA OBISPO OTSUKA NG KYOTO**

Ang bilang ng nahawaan ng corona virus ay palagiang dumadami. Ang mga Banal na Misa, na muling ipinagpatuloy noong Hunyo, ay muling nasuspindi. Ang pagdiriwang sa Pag-akyat sa Langit kay Maria, ating ialay ang ating mga panalangin base sa panalangin ng Papa Francisco para sa pandemya. (cf Letter of His Holiness Pope Francis to the Faithful for the Month of May 2020).

■ **Ang Proteksyon ni Maria**

Ang malagim na sitwasyong ito na kung saan ang buong mundo po ay biktima ng pagdurusa at pagkabalisa, kami po ay lumalapit sa iyo, Ina ng Diyos at Ina namin, at naghahanap ng mapapagkublihan sa iyong proteksyon. Birheng Ina, ibaling mo nawa po ang iyong maawaing mga mata sa amin na nasa gitna ng pandemya na coronavirus. Ingatan mo po kami sa nakakabalisang panahon ito, lalung-lalo na ang mga maysakit na tumatanggap ng lunas, ang mga nagdurusa sa pagkatapos na epekto, ang kanilang pamilya, at ang mga natatakot sa pagkahawa. Nawa po'y agarang matapos na ang pagkalat ng impeksyon.

■ **Panalangin para sa mga patay**

Maria, paginhawahin po ninyo ang mga nababalisa at nagtatangis sa pagkamatay ng kanilang mahal sa buhay, at kung minsan ang paraan ng paglilibing sa kanila ay nakakadagdag ng kanilang kalungkutan. Samahan mo po kaming manalangin sa ating maawaing Ama na ang lahat ng namatay dahil sa nakakahawang sakit na ito sa buong daigdig ay makatanggap ng walang hanggang kapayapaan.

■ **Kaginhawahan para sa mga taong hindi natin makapiling**

Maria, maging malapit nawa po ikaw sa mga taong nababahala sa kanilang mahal sa buhay na may karamdaman sa kadahilanan upang maiwasan ang pagkalat ng sakit ay hindi makalapit sa kanila.

Maraming tao ang napipigilan sa pagbisita sa mga may karamdaman at matatanda. Ang ibang tao na nakatira sa malayo ay hindi makabisita sa kanilang tahanan ngayong bakasyon sa tag-araw. Nawa'y maipabatid nila ang nilalaman ng kanilang puso at mapalalim ang kanilang ugnayan habang nag-iingat para sa kalusugan ng bawat isa.

■ **Pagkabalisa sa trabaho at buhay**

Maria, punuin mo nawa po ng pag-asa ang mga taong nababagabag sa kawalan ng kasiguraduhan sa hinaharap at ang mga kahihinatnan ng ekonomiya at trabaho.

Dahil sa pagtagal ng pagkalat ng impeksyon, ang mga tao sa lahat ng okupasyon ay patuloy na humaharap sa seryosong sitwasyon na nakakaapekto sa kanilang buhay. Karagdagan pa, ang mga taong naapektuhan ng malakas na pag-ulan sa Kyushu at Tohoko noong Hulyo ay nagdurusa. Maria, suportahan mo nawa po silang lahat na malampasan ang mga pagsubok na ito. Nawa po'y alalahanin namin ang mga pangangailangan ng mga mahihina.

■ **Pasasalamat**

Maria, ingatan mo nawa po ang mga doctor, narses, manggagawa sa kalusugan at mga boluntaryo na nasa frontline ng kagipitang ito, sila na nagbubuwis ng sariling buhay para sagipitin ang iba. Suportahan mo nawa po ang kanilang kabayanihang pagsisikap at pagkalooban sila ng lakas,

pagkabukas-palad, at patuloy na magandang kalusugan. Nagpapasalamat din po kami sa mga laiko, relihiyoso, mga pari na naglilingkod sa mga parokya upang mapigilan ang pagkalat ng inpeksyon. Patuloy nawa po kaming tumanggap ng biyayang kaligtasan at kalusugan at mapanatili ang pagkakaisa ng aming komunidad ng mananampalataya.

Maria, taga-alIW ng mga nagdurusa, yakapin mo nawa po ang iyong mga anak na nababalisa at ipanalangin na ang mapaghimalang kamay ng Diyos ay palayain kami sa kakila-kilabot na pandemnyang ito upang mapanumbalik ang kapayapaan ng aming normal na pamumuhay. Amen.

Ang Pag-akyat sa Langit kay Maria 2020

✠ Paul Yoshinao Otsuka